Katipunan

Volume 8
Issue 1 *Bilateral*

Article 8

6-1-2021

Mga Relasyong Panlipunan at mga Kakayahan ng mga Dalubhasang Migranteng Filipino sa Perth, Western Australia

Social Relations and Capabilities of Filipino Skilled Migrants in Perth, Western Australia

Jozon Lorenzana
Ateneo de Manila University, jlorenzana@ateneo.edu

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Lorenzana, Jozon (2021) "Mga Relasyong Panlipunan at mga Kakayahan ng mga Dalubhasang Migranteng Filipino sa Perth, Western Australia," *Katipunan*: Vol. 8: Iss. 1, Article 8.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol8/iss1/8

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

Mga Relasyong Panlipunan at mga Kakayahan ng mga Dalubhasang Migranteng Filipino sa Perth, Western Australia

Social Relations and Capabilities of Filipino Skilled Migrants in Perth, Western Australia[1]

Jozon A Lorenzana
Ateneo de Manila University
jlorenzana@ateneo.edu

Abstrak

Isa ang Australia sa limang pangunahing bansa na puntahan ng mga transnasyonal na Pilipino. Nagbibigay ang mga programang iniaalok ng bansa para sa mga dalubhasang manggagawa ng mga pagkakataong makapagtrabaho at makapanirahan, na nag-ambag sa pag-unlad ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga padalang pera, kabilang na ang iba pang pakinabang. Nakatuon ang mga kasalukuyang pag-aaral sa manggagawang transnasyonal na Pilipino sa Australia sa pagsusuri at pagpapaunlad ng migranteng kapital (kultural, ekonomiko, at panlipunan). Bagamat magagamit ang ganitong pagsusuri sa pag-unawa ng kalagayan ng mga manggagawang Filipino, higit na nakatutok ang paglapit gamit ang migranteng kapital sa mga lohikong ekonomiko ng karanasang migrante. Palalawakin ng kasalukuyang sanaysay ang pag-unawa natin sa karanasan ng manggagawang Filipino sa Australia sa pagtingin, sa halip, sa kung paano maaaring masuri ang kanilang migranteng proyekto sa kategorya ng mga kakayahan, ang kasanayan nila para sa mahahalagang gawa at pagtamo ng mga hinahalagang estado ng pag-iral (Sen). Batay sa pakikipanayam sa mga kataong may-hawak ng 457 visa sa Perth, Western Australia, sinusuri ng kasalukuyang pag-aaral ang mga kalagayang tumutulong at humahadlang sa kanilang mga kakayahan sa trabaho at pang-araw-araw na buhay. Isinusulong nito ang argumento tungkol sa papel ng mga ugnayang panlipunan, personal na mga katangian at mga polisiyang pang-visa na umaapekto sa mga kakayahan ng migranteng transnasyonal na Pilipino.

Australia is one of the top five destination countries for Filipino transnationals. The country's skilled migration programs provide opportunities for work and settlement, which contribute to Philippine development via remittances, among other advantages. Current literature on Filipino transnational workers in Australia have focused on assessing and improving migrant capitals (cultural, economic and social). While such analysis is useful in understanding the conditions of Filipino workers, a migrant capital approach dwells much on the economic logics of migrant experience. The following essay aims to broaden our understanding of Filipino

1 Ibinatay ang sanaysay sa datos mula sa proyekto ng pananaliksik sa mga transnasyonal na Pilipino sa Perth, WA ni Propesor Michael Pinches, pangunahing imbestigador, at ng may-akda. Lubos na nagpapasalamat ang may-akda kay Propesor Pinches at sa University of Western Australia para sa pagpopondo sa pag-aaral.

© Ateneo de Manila University

workers' experiences in Australia by looking instead at how their migration projects can be analyzed in terms of capabilities, the ability to do valuable acts and achieve valued states of being (Sen). Based on interviews with 457 visa holders in Perth, Western Australia, the present study examines the conditions which enable and constrain their capabilities at work and everyday life. It makes an argument about the role of social relations, personal characteristics and visa policy in affecting the capabilities of Filipino transnational migrants.

Mga Susing-salita

kakayahan, relasyong panlipunan, transnasyonal na Pilipino, relasyong Filipino-Australiano, migrasyon

capabilities, social relations, Filipino transnational, Filipino-Australian relations, migration

Tungkol sa May-akda

Si Jozon A Lorenzana ay assistant professor at tagapamuno ng Kagawaran ng Komunikasyon, Paaralan ng Agham Panlipunan sa Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng PhD sa Antropologia sa University of Western Australia at kasalukuyang nananaliksik at sumusulat tungkol sa social at digital media, karanasan at relasyon ng mga LGBTQ, buhay ng mga migranteng Pilipino sa India at Australia at kulturang popular sa Pilipinas.

© Ateneo de Manila University

Nakapagbubunsod ng migrasyon ng paggawa ang mga pagbabago at muling pagsasaayos ng mga estruktura ng mga pambansang ekonomiya. Sa gitna ng 2000, nangailangan ng higit na maraming manggagawa ang masiglang ekonomiya ng Australia. Upang tugunan ang kakulangan sa lakas-paggawa, ipinakilala ng pamahalaan ng Australia ang programa ng 457 na pansamantalang visa na nagpapahintulot sa mga dayuhan na may mga espesipikong kasanayan na upahan ng mga kompanya sa loob ng apat na taon. Sa loob ng ganito ring mga panahon, isinapribado at ipinagbili ng pamahalaan ng Pilipinas ang mga korporasyong panggobyerno na nagdulot ng kawalan ng trabaho, redundancy, o maagang pagreretiro ng daan-daang dalubhasang manggagawa, lalong-lalo na sa mga industriya ng enerhiya at bakal. Naghanap ang mga inhinyero, mga manager, at technician ng mga oportunidad sa ibang bansa, kabilang na dito ang Australia. Nang kinakaharap ang sama-samang epekto ng pinansiyal na krisis sa Asya noong 1997-98 at ang neoliberal na muling pagsasaayos estruktural, isinulong ng estadong Filipino ang polisiya nito sa pagluluwas ng paggawa at pagtatayo ng ekonomiya na nakabatay sa serbisyo, pagkonsumo, at padalang pera. Lalo lamang umudyok sa mga Pilipino na maghanap ng mga mapagkakakitaang oportunidad sa ibang lugar ang tumataas na gugulin sa pang-araw-araw na pamumuhay na dala ng mga nabanggit na piskal na reporma. Isa ang Australia sa limang pangunahing bansa na puntahan ng mga transnasyonal na Pilipino. Noong 2020, umabot ang padalang pera nila nang mga USD 319,129,000 mula Australia (Bangko Sentral ng Pilipinas). Isa ang padalang pera sa napakaraming paraan kung paano nagkakaroon ng ambag sa kaunlaran ang dalubhasang migrasyon; nagbibigay din ito ng oportunidad upang pagandahin ng mga tao ang kanilang buhay sa pagtatrabaho at paninirahan sa Australia (Hugo). Titingnan ng kasalukuyang papel ang karanasan ng mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa upang kilatisin ang programang migrasyon ng Australia bilang isang paraan para sa kaunlaran, na nagpapahintulot sa mga manggagawang Filipino na makamit ang mga makabuluhang pamumuhay.

Pumunta sina Rico, 46, noong 2007, at Pedro, 46, noong 2008 sa Australia, bilang mga technician sa ilalim ng programang 457 visa. Kapwa sila nagpasyang mangibang-bayan para sa mas magandang sahod upang tulungan ang kanilang mga anak na makapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo. Ngunit, makatapos ang ilang taon, napagmunihan ni Rico na bumalik sa Pilipinas; sa kabilang banda, napagpasyahan naman ni Pedro na manirahan sa Australia. Nagtrabaho si Rico bilang machine operator para sa isang kompanya na gumagawa ng mga boteng plastik. Bilang bahagi ng programang 457 visa, nagawa niyang dalhin ang kaniyang asawa at anak na lalaki sa Perth. Naging mabuti ang kaniyang trabaho sa loob ng dalawang taon hanggang magsimula ang kompanyang magtanggal ng mga manggagawa. Hindi na ipinagpatuloy ni Rico ang kaniyang aplikasyon para sa permanenteng paninirahan (permanent residency) kahit nasa kalagitnaan na siya ng kontrata dahil naging malungkot siya sa Australia. Binibigyan lamang ng limitadong panahon ang mga may-hawak ng 457 visa upang makapaghanap ng bagong mangungupahan sa kanila o magiging isponsor ng visa sa pagtatapos ng kanilang kontrata. Nang kapanayamin namin siya, nakapaglagak na siya ng aplikasyon para sa isponsorsyip ng isang kamag-anak. Nagdadalawang-isip siya na manatili sa Perth; ngunit iniisip niya ang pangarap ng kaniyang anak na lalaki na magkaroon ng permanenteng paninirahan. Sinabi niyang tumatanda na siya at hinahanap-hanap na niya ang mga sabong, inuman, kuwentuhan sa mga kamag-anak at kaibigan sa Pilipinas.

© Ateneo de Manila University

Hindi katulad ni Rico, nanumpa sina Pedro at ang mag-anak niya bilang mga mamamayan ng Australia. Nanggaling siya sa Lungsod Cotabato sa katimugan ng Pilipinas kung saan hindi maaasahan ang sitwasyong pangkapayapaan at pangkaayusan. Para sa kaniya, higit na magandang lugar ang Australia upang makapamuhay at makapagtrabaho. Nag-aplay siya para sa isang posisyon sa isang kompanya ng koryente sa Western Australia na tumungo mismo sa kaniyang lugar upang maghanap ng mga electrical technician. Tinulungan siya ng kaniyang kompanya na mag-aplay para sa permanenteng paninirahan sa pamamagitan ng pagbigay sa kaniya ng sertipikasyon para sa kaniyang kahusayan. Nagkaroon ng mga kaibigan si Pedro sa trabaho at sa lokal na komunidad na Filipino. Sa pamamagitan ng mga kakilalang kapwa transnasyonal na Pilipino sa Perth, nakuha niyang makabili ng bahay. Ibinahagi ni Pedro na dati'y nangungupahan siya sa Pilipinas ng maliit na bahay at nakakaya namang pag-aralin ang mga anak sa magagandang paaralan. Nagpapatuloy pa rin naman sa Australia ang mga parehong pagsisikap sa trabaho ngunit hindi na gaanong nakakaistres ang pagbabayad ng utang sa bahay. Nagustuhan niya ang suporta ng kaniyang kompanya sa pagbibigay sa kaniya ng trabaho kung kaya nakaya niyang magkaroon ng higit na magandang lagay ng pamumuhay.

Nagpapakita ang mga kuwento nina Rico at Pedro ng iba-ibang posibleng kahahantungan ng migrasyon sa ilalim ng programang 457 visa. Pinahintulutan sila ng pagtatrabaho sa Australia na pagandahin ang materyal na kondisyon ng kanilang mga buhay at iba pang piling aspekto nito. Ngunit kasabay nito, naharap din naman siya sa mga sitwasyon tulad ng retrenchment na sumasagka sa kaniyang kakayahang umunlad at magtagumpay. Napakahalaga ng suporta at relasyon sa lugar ng trabaho sa pagpapahintulot ng migranteng manggagawa ng 457 upang mapangibabawan ang kanilang kakulangan. Bagamat magkaiba ang kinahantungan nina Rico at Pedro, nagpapakita rin ang kanilang mga salaysay ng relasyonal na pagpapahalaga ng kanilang mga proyekto ng migrasyon. Nakaangkla ang mga dahilan nila sa pag-alis at pananatili sa Australia sa kanilang sariling pagdadalumat sa kung ano ang magandang buhay. Nakapokus ang mga kasalukuyang pag-aaral sa transnasyonal na migrasyon, lalo na sa mga manggagawang Filipino sa Australia, sa pagtatasa sa migranteng kapital (panlipunan, kultural, ekonomiko) at sa lagay ng mga manggagawa sa trabaho. Bagamat nagbibigay ng kabatiran ang ganitong mga pag-aaral tungkol sa kahusayan at suliranin ng mga transnasyonal na Pilipino sa kanilang mga lugar ng trabaho sa Australia, nasasagkaan din ng mga ito ang ating pagkaunawa sa mga migrante bilang nauudyukan at nagagabayan ng kanilang mga lohikong ekonomiko. Itinutulak tayo ng mga pagtuligsa sa lapit-kasanayan (skills approach) sa migrasyon na balikan at pag-aralang muli ang ahensiyang migrante at ang mga politika ng pag-unawa sa estadong migrante batay sa kanilang kakayahan at halagang ekonomiko (Shan at Fejes). Ipinapanukala ng sanaysay na ito na harapin ang proyekto ng migrasyon sa higit na malawak na paraan sa pagkakabit nito sa kakayahan ng taong mamuhay ng mga makabuluhang buhay, na sumasaklaw sa katuparang materyal, panlipunan at pangkaisipan. Isinusulong ko ang lapit-kakayahan (capability approach) na magpapahintulot sa ating tasahin ang mga proyektong migrasyon na tumutulong o humahadlang sa realisasyon ng mga itinuturing ng mga transnasyonal na migranteng Filipino na mahalaga sa kanilang mga buhay.

Ang lapit-kakayahan ni Amartya Sen ay isang paradigma ng pagkaunlad na umuunawa sa kapakanan at kapakinabangan batay sa kakayahan ng taong likhain ang mahahalagang gawain at abutin ang mahahalagang estado ng pag-iral. Isang kakayahan ang migrasyon at isang pamamaraan upang abutin ang ilang kakayahan (Robeyns). Katulad ng ipinakita

© Ateneo de Manila University

ng mga kuwento nina Rico at Pedro, natulungan sila ng pagtatrabaho sa Australia upang maabot ang aspirasyon nila para sa kanilang mga sarili at sa mga kapamilya nila. Napakahalaga sa pag-abot ng mga tunguhin ang suporta at mapagkukunang-yaman mula sa iba-ibang relasyon. Paano naaapektuhan ng mga panlipunang relasyon ang kakayahan ng 457 na manggagawang Filipino sa Australia? Pinaninindigan ng papel na ito na nag-aambag ang mga panlipunang relasyon sa kakayahan ng mga migrante sa pagbibigay sa kanila ng mga oportunidad at mapagkukunang-yaman. Ngunit, naaapektuhan din ng mga personal na katangian at polisiya sa migrasyon kung paano ginagamit ng 457 na manggagawang Filipino ang mga mapagkukunang-yaman at kung paano nila tinutugunan ang mga oportunidad. Pinalalawig ng pananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral sa mga karanasan ng manggagawang Filipino sa Australia sa pamamagitan ng pagsasapartikular ng mga kondisyong panlipunan na nakapagpapatingkad at nakapaghahadlang sa kanilang pag-asang maabot ang kanilang mga proyektong migrasyon. Sa pamamagitan nito, nakapag-aambag ang sanaysay sa espesyal na isyu ng *Katipunan* sa ika-75 anibersaryo ng relasyong Filipino-Australiano, sa pagbibigay ng isang kaso ng pag-aaral sa karanasan ng mga manggagawang Filipino, nang mula dito'y maaari nating muling maharaya ang mga pagtatangkang pagandahin ang mga programa sa migrasyon sa pagitan ng dalawang bayan.

Sa mga susunod na seksiyon palalalimin ang mga argumento. Magbibigay ako ng maikling pagsipat sa migrasyong Filipino sa Australia. Ang pakay ay tukuyin ang mga pangunahing tema sa ganitong pananaliksik at mailugar ang pag-aaral. Tatalakayin ng ikatlong seksiyon ang lapit-kakayahan at ang pagkakalapat nito sa programang migrasyon ng 457 visa. Magbibigay-halimbawa ang mga susunod na seksiyon upang ipakita kung paano naiimpluwensiyahan ng relasyong panlipunan, personal na mga katangian, at polisiyang pang-visa ang kakayahan ng 457 na manggagawang Filipino sa Perth, Western Australia. Magtatapos ang sanaysay sa ilang implikasyon ng pag-aaral sa pagtutulungang Filipino-Australiano sa pagbuo ng mga programang pang-migrasyon na parehong magiging kapaki-pakinabang sa kanilang dalawa.

Transnasyonal na Migrasyong Filipino sa Australia

Nagkaroon ng ebolusyon ang polisiyang pang-migrasyon ng Australia mula sa higit na pagpili ng mga nagmula sa mga bayang Anglo-Europeo para sa mga permanenteng settler patungo sa pagpili ng mga dalubhasang manggagawa mula sa iba't ibang bahagi ng mundo kabilang na dito ang Asya, Africa, at Latin America (Castles, et al. 115-121). Sinasalamin ng mga pag-aaral sa migrasyong Filipino sa Australia ang iba-ibang pangkat na binigyang pahintulot ng pabago-bagong polisiyang pang-migrasyon ng bayan (Aquino). Maiuugat ang mga naunang settlement ng mga tao mula sa Pilipinas at maging Indonesia sa mga maninisid ng perlas sa Broome, Western Australia at Torres Straits (Wall 3-8), na nauna sa polisiyang White Australia ng 1901. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hindi na gumana ang ganitong polisiyang nakatuon sa pagpapanatili ng maka-lahi at kultural na pagkakapare-pareho dala ng mga nagbabagong panlipunang paniniwala sa loob ng Australia, at ng mga pagtuligsa sa nasabing polisiya sa rehiyon ng Asya (Tavan 109-125). Nagbagong-bihis na rin ang ekonomiya ng Australia mula sa produksiyong agrikultural patungo sa paggawa (manufacture) at pagluluwas ng mga yamang mineral (Castles, et al. 115). Noong 1973, opisyal nang pinawalang-bisa ng pamahalaan ng Australia ang polisiya

ng White Australia, at ito ay nagbigay-daan para sa isang lapit sa imigrasyon ng higit na magkakaiba at dalubhasang paggawa.

Magmula noon, pumunta sa Australia ang mga migranteng Filipino bilang mga asawa, estudyante, at dalubhasang manggagawa, na kasa-kasama ang kanilang mga kapamilya. Nang mga dekada 1980 at 1990, pinagtuonan ng pansin ng mga midya at iskolar na Australiano ang penomenon ng mga kasalang Filipino-Australiano na tumulong sa pag-usbong ng turismong pangmasa at komunikasyong pang-Internet (Aquino). Namayagpag ang nobyang Filipina sa paghaharayang Australiano, at ito ay kinuha nila mula sa mga migranteng Filipino. Inilantad ng kaso ng mga kasalang Filipino-Australiano ang mga usapin sa karahasang makasarian na ikinakabit hindi lamang sa mga relasyong panlahi kundi sa mga pagkakaiba-iba rin ng mga kagawiang pampinansiyal at mga inaasahan (Saroca; Woelz-Stirling, et al.). Sinikap ng ganitong lawas ng mga pag-aaral hindi lamang na rebisahin ang mga maling pagkakaunawa tungkol sa mga mag-asawang Filipino-Australiano kundi usisain din ang mga panlipunang herarkiya at paghaharaya na nagtayo ng ganitong mga konstruksiyon sa lipunang Australiano (Aquino; Holt 58-78).

Sa paglaki ng populasyon ng mga migranteng Filipino dala ng mga programa ng pamahalaang Australiano sa permanenteng paninirahan at pagkamamamayan, tumuon ang mga pag-aaral sa mga tanong ng pagkanabibilang at identidad sa loob ng multikultural na balangkas ng Australia. Nakalikha ang mga transnasyonal na Pilipino ng mga espasyo at kagawiang panlipunan na gumigiit ng kanilang kultural na pamana at natamong pagkamamamayan (Pinches 284-302). Kasabay nito, nananatiling sinusuri ang mga karanasan ng mga Filipino-Australiano na nabahiran ng mga usaping panlahi, lalo na ang mga interseksiyon nito sa usapin ng uri. Sa pag-aaral niya ng mga Filipino-Australiano at mga pang-araw-araw na rasismo, tinitingnan ni Aquino ang mga dinamiko ng uri at lahi sa mga magkaka-etniko kaugnay ng mga pribilehiyado at ng mga marhinalisadong kasapi ng lipunang Australiano. Itinatala niya ang iba't ibang paraan ng rasismo na dinaranas at pakikipag-ayos na ginagawa ng mga nagtatrabaho at gitnang uring Pilipino sa kanilang mga relasyong panlahi. Ginagamit ng uring manggagawa ang diskursong moral katulad ng paggigiit ng kanilang karapatan sa paggawa at pagkamamamayan, kasabay ng pagharap sa diskriminasyon mula sa mga kaparehong gitnang uring ka-etniko at pribilehiyadong mamamayan. Sa kabilang banda, nakararanas ang gitnang uri ng kondisyonal na paggalang sa lipunang Australiano, na nakasalalay sa pagpapakita nila ng mobilidad na sosyo-ekonomiko, mga kagawian ng pagkonsumo, at kultural na kapital (Aquino 11-12).

Mapapansin ang tema ng kultural na kapital gaya ng edukasyon, kahusayan sa wikang Ingles, propesyonal at interpersonal na kakayahan sa lahat ng pangkatin ng mga transnasyonal na Pilipino sa Australia. Sa pagpapatupad ng pansamantalang programa ng dalubhasang migrasyon ng 457 sa dekada 1990 hanggang 2000, tumuon ang mga pag-aaral sa mga aspekto ng kultural na kapital at sa kanilang papel sa mga kinahihinatnan ng migrasyon sa mga espesipikong trabaho (Castles, et al. 117). Bilang halimbawa, tinitingnan ng mga nars na Filipino sa Queensland ang kanilang sarili bilang teknikal na bihasa, ngunit may iniuulat din silang kakulangan ng kaalaman sa teorya ng pagnanars at kahirapan sa mga idyoma at balbal na Australiano (Marcus, et al. 28-34). Lalong nagiging isyu ang kahusayan sa Ingles para sa mga manggagawang Filipino na nagtatrabaho sa mga karnehan (meatworkers), dala ng kanilang limitadong mga kakayahan, sa kanilang balak mag-aplay para sa permanenteng paninirahan na humihingi sa kanilang makapasa sa mga pagsusulit (Piller at Lising 35-59).

© Ateneo de Manila University

Kumikilatis ang mga kasalukuyang pag-aaral sa kultural na kapital sa konteksto ng migrasyon sa kung paano kasalabid ng mga diskurso ng mga kakayahan at kahusayan ang mga ekonomiko, politikal at relasyong panlipunan na lumilikha at nagpapanatili ng kapangyarihan at pribilehiyo (Shan at Fejes 227-235). Ang usapin ng kultural na kapital, partikular sa mga may-hawak ng 457 visa, ay nagpapahiwatig ng kanilang alanganin at marhinal na posisyon sa Australia. Kung kaya, nagiging pangangailangan ang pakikipag-ayos at pagtuligsa sa mga rehimen ng kakayahan at kahusayan (231). Bilang halimbawa, napauunlad ng mga manggagawang Filipino na nagtatrabaho sa mga karnehan ang kanilang kakayahan sa wikang Ingles sa pamamagitan ng mga indibidwal na inisyatiba at maging ng kanilang mga taga-empleo (Piller at Lising 35-59). Ngunit, sa ipinapakita ng pag-aaral ni Aquino, may relatibo pa ring bentahe ang mga gitnang uring migranteng Filipino sa pagpapagalaw ng kultural na kapital dahil sa kahusayan nila sa wika at propesyonal na pagsasanay.

Tunay ngang naglalantad ang mga karanasan ng mga transnasyonal na Pilipino sa Australia ng "relations of advantage and disadvantage" (Eichsteller 174-181). Kahit anupaman ang kanilang uring panlipunan, nakakamtan nila ang bentaheng ekonomiko ngunit nang hindi walang hamon na ipinapataw ng polisiya ng imigrasyon ng Australia, at ng mga panlipunang damdamin sa mga migrante sa pangkalahatan (Aquino). Katulad ng ipinahihiwatig ng mga pag-aaral sa itaas, sumasagka ang pokus sa kultural na kapital at relasyong panlipunan sa karanasang migrante sa mga naratibo ng ekonomikong pananamantala at estruktural na di-pagkakapantay-pantay.[2] Nagpapapusyaw ang mga pinalilitaw na relasyon ng disbentahe sa mga posibilidad ng muling paghaharaya sa mga relasyon at buhay ng mga transnasyonal na Pilipino. Idiniin na ng mga iskolar ang masasalimuot na motibasyon at ahensiya ng mga migrante (Gibson, et al. 365-386; Bonfanti). Natitira ditong maaaring galugarin ang paraan ng pagtatasa ng mga transnasyonal na Pilipino sa Australia ng kanilang mga karanasan nang ayon sa kanilang mga aspirasyon at nosyon ng kapakanang pantao. Kung gayon, isinusulong ng kasalukuyang papel ang isang paglapit na tumatasa sa karanasan ng migrasyon nang lampas pa sa pagsipat ng kultural na kapital ng mga migranteng Filipino at na tumatala sa mga kondisyon na umaambag sa kanilang pagdadalumat ng makabuluhang transnasyonal na pag-iral sa at lampas pa sa Australia.

Ang Lapit-kakayahan sa Mga Pilipino na May-hawak ng 457 Visa

Ang pananatiling nakatuon sa kakayahan ng mga migranteng transnasyonal sa pagtatasa ng mga kahihinatnan ng kanilang migrasyon ay bumabalewala sa kanilang motibasyon, personal na pagtatasa, at mga kondisyong humuhubog sa kanilang mga pag-asa sa buhay sa lipunang kumupkop sa kanila (Eichsteller 174-181). Kung gayon, bumaling na ang mga iskolar ng migrasyon sa isang balangkas-kakayahan upang suriin ang masalimuot na kalagayan ng mga migrante (Bonfanti; Eichsteller 174-181). Binuo ni Amartya Sen, ang balangkas-kakayahan ay "a particular approach to well-being and advantage in terms of a person's ability to do valuable acts or reach valuable states of being" (30). May malawak na aplikasyon ang paglapit na ito sa iba-ibang larangan, lalong-lalo na bilang paradigma sa pagkaunlad pantao o sa pagtatasa ng kalidad ng buhay (Robeyns 93-117). Para kay Sen, nangangahulugan ang mahalagang buhay ng "people's capability to function, that is the

2 Tingnan kay Bofanti 1-13.

© Ateneo de Manila University

effective opportunities to undertake the actions and activities that they want to engage in, and be whom they want to be" (Robeyns 95). Ang dalumat ng "function" (pakinabang) o "functioning" (kapakinabangan) ay tumutukoy sa magkakaibang bagay na nakukuhang gawin o maging ng isang tao sa pagtataguyod niya ng kaniyang buhay (Sen 30-53). Nang sinasaklaw ang mula pinakabatayan (sapat na pagkain, magandang kalusugan) hanggang sa pinakamasalimuot (paggalang sa sarili, integrasyong panlipunan), maaaring mapahalagahan ng tao sa iba't ibang paraan ang pagiging kapaki-pakinabang. Isa sa mga mahalagang pagpapalagay ng lapit-kakayahan ay kilalanin ang pagkakaiba-iba ng bigat na ikinakabit ng tao sa kapakinabangan (Sen 30-31). Ang kapakinabangan ay tumutukoy sa mga nakamtan, at ang mga kakayahan ay tumutukoy naman sa mga kalayaan o mahahalagang opsiyon na maaaring mapagpilian (Robeyns 95). Samantalang sa tuwing nagsasanib ang kapakinabangan at kakayahan, ang huli ay "ultimately more important, people have the freedoms or valuable opportunities (capabilities) to lead the kind of lives they want to lead, to do what they want to do and be the person they want to be" (95). Iniisip ng mga iskolar na nakapag-aambag ang migrasyon sa kakayahan (kapakanan) ng isang tao, at bilang isa rin mismong kakayahan, i.e. bahagi ng kabuoang hanay ng mga oportunidad (Eichsteller 174-181). Bilang kabaliktaran nito, nasasagkaan din ng migrasyon ang sariling mga kalayaan (mga kakayahan) na nakaaapekto sa kapakanang pantao (Bonfanti 4). Ginagawang pokus ng kasalukuyang papel kung paano tinutulungan o sinasagkaan ng migrasyon ang mga kakayahan ng mga migranteng transnasyonal.

Idinidiin ng kultural, panlipunan at/o ng perspektibang ekonomikong kapital (Bourdieu) ang halaga ng indibidwal na mapagkukunang-yaman at pangangailangan (Eichsteller 179). Subalit, pinalalawak ng lapit-kakayahan ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagkilala sa mga partikular na pagtatasa ng mga tao, at sa mga kondisyon (e.g. personal na mga katangian at panlipunang kasunduan) na nagpapahintulot o humahadlang sa realisasyon ng kapakanang-pantao (Robeyns; Sen). Inilalantad ng mga ganitong pagsusuri ang "relatively unequal structural positioning of migrants vis-à-vis their individual capitals and aspirations for a better life; notions of life quality, lack of representation in the public debate and the importance of individual choice" (Eichsteller 175). Nagpakita ang mga bagong pag-aaral sa kakayahan ng mga migrante ng kanilang magkakaibang pagpapangkat ng mga kakayahan batay sa mga estruktura ng bentahe at disbentahe (Eichsteller) at ng kakayahan nilang igiit ang kanilang karapatan at maabot ang katarungan (Hastie 20-39). Binabalangkas ng mga programa ng migrasyon na nakatuon sa mga espesipikong bayan at ng mga batas-paggawa ang hanay at hangganan ng mga oportunidad at mapagkukunang-yaman ng mga migranteng transnasyonal. Hanggang sa ngayon, idiniin pa rin sa pagtatasa ng kanilang mga kakayahan ang mga panlipunang kasunduan. May papel din ang mga relasyong panlipunan sa pagpapalawak ng mga kalayaan at mapagpipilian (Dreze at Sen, sinipi kay Robeyns 109). Samantala, wala gaanong pagpansin sa kung paano naaapektuhan ng mga relasyong panlipunan ang mga kakayahan ng mga migranteng transnasyonal. Sa mga kapanabay na pag-aaral sa migranteng kultural na kapital, pinadadali ng mga network at relasyong panlipunan ang paglikha ng mga mapagkukunang-yaman at oportunidad.[3] Itinatanong kung gayon kung sa papaanong mga paraan naaapektuhan ng mga relasyong panlipunan ng mga migranteng transnasyonal ang kanilang mga kakayahan?

Sinusuri ng sanaysay na ito ang karanasan ng mga transnasyonal na Pilipino sa ilalim ng programa ng pansamantalang migrasyon na 457 ng Australia. Sinimulan ng

3 Tingnan kina Tzeng; at Webb.

Howard Government noong 1996 upang mangganyak ng mga dalubhasang manggagawa, pinahihintulutan ng programa ang mga taga-empleo na mag-isponsor ng mga dayuhang manggagawa nang hanggang apat na taon. Ito ay pinaaandar ng demand at isang mekanismong mabilis at madaling ibagay ng mga taga-empleo sa pangangalap ng paggawa (Parliament of Australia). Binabanggit ng mga pag-aaral sa programa ang mga naging isyu at kinahinatnan nito. Ayon sa isang update ng Parliament of Australia noong 2013, nilayon ang panukala upang dagdagan ang lakas-paggawa; subalit, ginamit ito ng mga may-hawak ng 457 visa upang manatili sa Australia. Binabanggit din ng parehong ulat ang mga pagbabago sa programa upang tiyakin na pinupunan talaga ng mga taga-empleo ang mga posisyon lamang na hindi mapupunan ng mga lokal na manggagawa. Samantalang binibigyan ng programa ng oportunidad ang mga manggagawa sa mga bayang may mataas na porsiyento ng walang mapapasukang trabaho at mababang pasahod (Parliament of Australia), tinutukoy naman ng Australian Human Rights Commission (AHRC) ang mga isyung lumalabas sa karanasan ng mga may-hawak ng 457 visa. Sa isang ulat noong 2008, tinukoy ng AHRC ang mga alegasyon ng diskriminasyon sa lugar ng trabaho. Inireklamo ng mga may-hawak ng 457 visa ang hindi pagkakabayad sa kanila ng over-time, ang mahahabang oras ng trabaho di-tulad ng mga empleadong walang visa, limitadong akses sa sick-leave, pagpapatanggal sa pagkuha ng sick-leave o pagiging buntis, kasama na ang iba pang isyu (Australian Human Rights Commission 3). Natuklasan ng AHRC na ang ilan sa mga may-hawak ng 457 visa ay walang malay sa karapatan at responsabilidad ng manggagawa sa ilalim ng batas Australiano dala ng kahirapan sa wikang Ingles (4). Ang ilan sa mga nabanggit na isyu ay umaalingawngaw din sa ibang mga transnasyonal na manggagawang Filipino maging ang mga suliranin na nalilikha ng mga probisyon ng programang 457 visa. Nagdaos ng isang harapang talakayan ang Centre for Migrant Advocacy noong 2013 sa hanay ng mga aktibistang migranteng Filipino sa Australia at mga kinatawan mula sa Commission on Overseas Filipinos at Commission on Human Rights. Tinukoy ng mga lumabas na pag-aaral sa nasabing forum ang diskriminasyon sa mga unyon ng paggawa bilang sagwil sa pag-anib ng mga manggagawang Filipino. Hinahadlangan din sila ng mga bagong probisyon ng programang 457 visa upang magkaakses sa mga benepisyong medikal at kapakanang pansarili (Center for Migrant Advocacy; Parliament of Australia).

Sinusuri ng sanaysay na ito hindi lamang kung paano hinaharap ng mga transnasyonal na Pilipino sa Australia ang mga kondisyon ng programang 457 visa kundi pati na rin kung paano naaapektuhan ng kanilang mga relasyon ang kanilang mga kapakinabangan at kakayahan. Tiningnan ko ang mga anyo ng relasyon sa trabaho, sa pagitan ng kapwa manggagawang 457 at mga ka-etniko (komunidad Filipino-Australiano) at kung paano nito tinutulungan at sinasagkaan ang mga karera at aspirasyon ng mga manggagawang 457 visa. Nakabatay ang pag-aaral sa datos na nalikom sa mga nauna at bagong may-hawak ng 457 visa na kabilang sa mga transnasyonal na Pilipino sa Perth, Western Australia. Ayon sa mga pigura ng pamahalaan, umabot na sa 33,400 ang populasyong ipinanganak sa Pilipinas na ngayo'y nasa estado (Australian Bureau of Statistics). Noong 2013, ang taon ng pagsagawa ng mga panayam, ang mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa ay mga technician, manggagawa sa kalakal, at mga propesyonal (Department of Immigration and Border Protection).

Maaaring ipaliwanag ang mga kakayahan sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga naratibo at mga karanasan (Robeyns). Maaaring magbunga ng mga kuwento ang malalalim

© Ateneo de Manila University

na pakikipanayam na magtataglay ng impormasyon kung paano nakikiharap ang mga subheto sa mga panlipunang estruktura.[4] Nagsagawa ako ng mga panayam na binalangkas lamang nang bahagya sa pinagsama-samang kinatawan ng mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa sa Perth. Napadali ang pakikipanayam sa kanila ng mga kakilala na umugnay sa akin sa mga dati at kasalukuyang may-hawak ng visa, na siyang tanging pamantayan ng pagpili para sa pag-aaral. Nagtataglay ang gabay sa panayam ng mga tanong tungkol sa kanilang aspirasyon, motibasyon, mga karanasan sa trabaho at pang-araw-araw na buhay, at ang kanilang mga relasyon sa mga tao na nakilala nila at nakasalamuha sa kabuoan ng pananatili nila sa Australia. Aabot sa sampung transnasyonal na Pilipino (apat na inhinyero; anim na technician at mga manggagawa sa kalakal) at isang 457 na taga-empleo ang nakilahok sa pag-aaral. Sinuri ang mga panayam nang ayon sa mga tema na pinagbatayan ng pangunahing tanong ng pananaliksik: kung paano nakatulong o nakasagabal ang mga relasyong panlipunan sa kung ano ang ginagawa nila at kung ano ang gusto nilang maging.

Mga Panlipunang Relasyon at Mga Kakayahan

Ilalatag ng seksiyon na ito ang mga halimbawa na nagpapakita ng papel ng mga partikular na relasyon sa pagtulong at paghadlang sa mga kakayahan ng mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa. Nang sumusunod sa lapit-kakayahan, kinilala ko ang kanilang mga aspirasyon, motibasyon, at mga pagtatasa upang isakonteksto ang kanilang mga gawa at pagpipili. Katulad na nga ng naipakita ng dalawang halimbawa sa panimula, ang magkakaibang tinahak na daan ng mga migranteng transnasyonal na Pilipino ay mapahahalagahan nang ayon sa kanilang mga personal na pagtatasa at aspirasyon. Samantalang nakatutulong ang mga relasyon, naaapektuhan ng mga personal na katangian kung paano nila ginagamit ang mga oportunidad at mapagkukunang-yaman. Higit pa rito, ang mga panlipunang kasunduan at mga puwersang pang-ekonomiko tulad ng mga polisiya ng 457 visa at ang pinansiyal na estado ng mga taga-empleo ay sumasagka sa mga kalayaan at pagpili ng mga transnasyonal na Pilipino. Isang mahalagang natuklasan ng pag-aaral ay ang papel ng mga taga-empleo sa pagtulong (at pagsagka) sa mga kakayahang migrante.

Papel ng mga Taga-empleo sa Pagtatatag ng mga Kakayahan

Isang obserbasyon ay ang kung saan abot ang pagtulong ng mga kompanya sa mga manggagawang Filipino upang maging epektibo sa kanilang mga papel sa pamamagitan ng paghasa ng mga pantawid na kasanayan. Nagpapakita ng ganitong posibilidad ang kuwento ni Pedro, na nabanggit na sa dagling panimula. Nang magsimula kaming mangalap ng mga kalahok sa pananaliksik, isa sa mga napansin namin ay ang laganap na manggagawang Filipino na 457 sa Western Power, isang kompanya ng koryente na pagmamay-ari ng publiko sa Western Australia. Iminungkahi ni Julia, isang estudyanteng Filipino-Australiano na nakilala ko sa supermarket kung saan siya nagtatrabaho nang part-time, na kapanayamin ko ang tatay niya, si Juan, na kabilang sa mga unang pangkat ng manggagawang 457 na inhinyero, technician at linesmen na inupahan ng kompanya ng koryente. Ipinakilala kami ni Juan sa mga katrabaho niya, tulad ni Pedro, na kasalukuyan at dating may-hawak ng 457 visa na kinalauna'y naging mamamayang Australiano. Dahil

4 Tingnan kay Erel.

© Ateneo de Manila University

halos lahat ng mga kalahok sa aming pananaliksik ay nagtrabaho sa parehong kompanya at nanungkulan sa iba-ibang posisyon, nagawa naming suriin kung paano naaapektuhan ng relasyong taga-empleo at empleado ang kakayahan ng mga migranteng transnasyonal. Binigyan kami ng datos ng dalawang kalahok sa pananaliksik na nagmula sa ibang mga kompanya upang mapaghambing ang mga relasyong taga-empleo at empleado.

Noong 2016, pumunta ang mga kinatawan ng Western Power sa iba-ibang lungsod ng Pilipinas upang mangalap ng mga inhinyero, technician at linesman. Nangailangan ang pagtaas ng gawaing pang-ekonomiko sa Australia ng higit na maraming paggawa sa sektor ng produksiyon at pamamahagi ng koryente. Naghanap ang Western Power ng mga manggagawa mula UK, South Africa at Pilipinas na ipinagpalagay nang may kakayahang pangwika at teknikal. Habang nangyayari ito, sumasailaim noon ang sektor ng enerhiya sa Pilipinas ng muling pagsasaayos ng mga estruktura at pribatisasyon. Kasabay na isinulong noon ng pamahalaan ng Pilipinas ang migrasyong paggawa. Nagbigay ang ganitong pagka-nasa-panahon ng pangangalap ng Western Power ng oportunidad sa mga manggagawang Filipino sa Australia. Sa ilalim ng programang 457, namigay din ng visa ang kompanya sa mga kasama nilang asawa at mga anak, paunang titirhan at tulong sa paglakad ng sertipikasyon sa Australia para sa kanilang mga kasanayan, kabilang na ang iba pang benepisyo. Nang dumating ang panahon, sinuportahan din ng Western Power ang kanilang aplikasyon para sa permanenteng paninirahan.

Isa sa mga sumagot sa pag-aaral si Raffy, isang manager sa Western Power. Nang tanungin tungkol sa kagustuhan ng napasukan niyang kompanya na pumili ng mga manggagawang Filipino at kung kumusta sila sa trabaho, ibinahagi niyang ipinagpalagay na agad na aakma ang mga manggagawang Filipino sa mga pangangailangan ng Australia sa paggawa. Ngunit, ang kompanya "had to do a lot of work to get them [Filipino workers] authorised to work [in Australia]... So we went through an extensive program to bring them up to a level they could be qualified to work here," higit pang nilinaw ni Raffy. Binanggit din niya ang hamon sa pagpapahayag ng sarili sa Ingles, lalo na sa hanay ng mga linesman at technician. Bahagi ng pagsisikap ng kompanya ay tulungan ang mga inhinyero at technician na malakad ang kanilang mga lisensiya at mabigyan sila ng pagkilala ng institusyong Engineers Australia at programang Trade Recognition Australia. Maliban sa suporta ng kompanya, personal din silang hinihikayat ni Raffy na makuha ang kanilang mga kuwalipikasyon.

Nagpapakita naman ang kuwento ni Juan, 22, kung paano nakapagpapalakas ang personal at propesyonal na suporta ng taga-empleo sa kakayahan ng isang migranteng transnasyonal. Bago pumunta sa Australia, nagtrabaho na muna si Juan bilang metering officer sa isang kompanya ng pamamahagi ng koryente sa Maynila. Nang malaman niya sa mga kaibigan na nangangalap ang Western Power ng mga manggagawa, nag-aplay siya at ipinasa niya ang pagsusulit sa kalakal. Nagpasya si Juan na kunin ang alok dahil nakini-kinita na niyang bibilis ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas na magpapalubha ng kompetisyon sa buhay sa darating na hinaharap. Binanggit din niya ang lumalalang pagkakabara ng trapiko sa lungsod. Nang inaalala ang mga unang buwan niya sa Perth, binanggit niya ang suporta ng Western Power sa anyo ng akomodasyon, pamasahe, at permanenteng paninirahan. Katulad ng kalagayan ng mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa sa mga trabaho ng kalakal (Piller at Lising), naghirap din si Juan sa wikang Ingles: "Eh makikipag-usap ka ngayon sa 'puti'[5] kung anong nangyari. Mabigat na role yon. Siempre

5 Ginagamit ang terminong 'puti' ng mga kalahok sa pananaliksik upang tukuyin ang mga

pupugak-pugak yung Ingles namin. Hindi ata mag-fi-fit sa akin to. Ako yung technical, mabuting-ting." Bagamat may kahusayang teknikal siya, lumalabas sa pagiging hindi niya palakibo ang kawalang kakayahan niyang ipahayag ang sarili. Ang unang papel ni Juan ay magdokumento at magpasunod ng mga pamantayan sa lahat ng sub-estasyon. Sa kabila ng kaniyang limitasyon, nagsumikap pa rin siya at nakuha niyang magpatupad ng nasabing palakad. Ngunit, nang maunawaan niyang hindi sapat ang kaniyang husay para sa nasabing gawain, hiniling ni Juan na ilipat siya sa pagiging electric fitter. Nangailangan nga lamang ng lisensiya ang nasabing tungkulin. Sinuportahan ng Western Power ang aplikasyon ni Juan sa Trade Recognition Australia na hiniling naman sa kaniyang kumuha ng mga kurso sa TAFE (Technical and Further Education), ang pinakamalaking tagapagbigay ng edukasyon at pagsasanay na bokasyonal sa Australia. Inilarawan ni Juan ang karanasan ng pagtamo ng kuwalipikasyon na parang "passing through the eye of a needle." Ang lisensiya niyang Antas A ay hindi lamang nakapagpahintulot sa kaniyang makapagtrabaho sa Western Power, kundi maging sa sarili niyang praktika.

Nangibang-bayan sa Australia si Juan at ang kaniyang pamilya sa paghahanap ng mas magandang buhay. Sa panahon ng panayam, naging mga mamamayan na sila ng Australia. May sarili na silang bahay at mga sasakyan para sa bawat kasapi ng pamilya. Nag-aaral na sa eskuwela ang lahat ng apat na anak. Sinabi sa amin ni Rosa, ang asawa ni Juan, na: "... Sa Pilipinas ang hirap mamuhay doon. Eh dito kahit ang hirap mag trabaho nabibili mo nakakain mo gusto mo... Sa Pilipinas di ka makakabili ng sasakyan mo. Kahit utang dito nakakapag drive ka. Luxury na nakukuha ng mga mayayaman... natitikman mo." Si Juan ang tanging tagatustos sa pamilya bago sila pumunta sa Australia. Ngayo'y nagtutulong-tulong ang lahat ng magkakapamilya sa pagpapagaan ng mga pasanin; may trabahong part-time sina Rosa at ang kaniyang anak na si Julia. Sa kaniyang pagbabalik-tanaw, inaamin ni Juan na kinailangan niyang bitawan ang hilig niya sa pagsusugal sa sabong at karera ng kabayo. Maaari na siyang magkaroon ngayon ng mas maraming oras para sa pamilya. Ipinakikita ng kaso ni Juan kung paano nakapag-aambag ang taga-empleong 457 sa pagtatatag ng mga kakayahan ng mga manggagawang transnasyonal. Nagbibigay sila ng mga mapagkukunang-yaman at oportunidad, e.g. pagtatatag ng kasanayan, na nakapagpapahusay ng mga manggagawa sa kanilang mga tungkulin. Isinasakongkreto ng karanasan ng pamilya ni Juan na, sa ilalim ng mga piling kondisyon (e.g. suporta ng kompanya), ang proyekto ng migrasyon ay nakapagpapalawak ng sariling mga kakayahan. Sa kaso nila, ang nosyon ng kalidad ng buhay ay natupad ayon sa pagkakaroon ng higit na magandang materyal na kondisyon at panahon para sa pamilya.

Hindi lahat ng mga kalahok sa pananaliksik namin ay nakatanggap ng tuloy-tuloy at pare-parehong suporta katulad ng mga empleado ng Western Power. Nakaranas din ng paghihirap ang mga manggagawang 457 sa kanilang mga taga-empleo. Nagbahagi si Rico, 46, na kabilang ang kuwento sa dagling panimula, ng isang salaysay kung paano lumabnaw ang suporta ng kaniyang kompanya nang magpasya itong magsaayos muli ng mga estruktura at magtanggal ng mga empleado. Dati sa Pilipinas, nagtatrabaho siya bilang technician sa isang kompanya ng bote. Dahil sa kasanayan niya sa pagpapatakbo ng mga katulad na makina, inalok siya ng isang kompanyang Australiano na gumagawa ng mga boteng plastik. Tinanggap niya ang nasabing alok dahil kailangan niya ng higit na

mamamayang Australiano na may pinagmamanahang Europeo. May rehistro itong panlahi na tumutukoy sa mga hitsurang Caucasiano. Maaaring hindi malay ang mga kalahok sa pananaliksik sa maliliit at sensitibong pagkakaiba-iba nito sa pang-araw-araw na gamit.

© Ateneo de Manila University

mataas na sahod upang mapag-aral ang dalawa niyang anak sa kolehiyo. May magandang relasyon si Rico sa manager na umupa sa kaniya. Ngunit, nagbago ang relasyon niya sa kompanya nang magsimula itong mawalan ng pera. Humalili rin ang isang bagong manager at nagsimulang magtanggalan ng mga manggagawa. Nadismaya si Rico nang talikuran ng manager ang pangako nitong susuportahan ang aplikasyon niya para sa permanenteng paninirahan. Noong panahong iyon, wala na siyang ibang matatakbuhan pa at pumayag na lamang siya sa isang redundancy package. Sa panahon ng panayam, humingi siya ng tulong sa isang kamag-anak na maging isponsor ng kaniyang aplikasyon para sa permanenteng paninirahan. Handa na sana siyang bumalik sa bayan niya sa Iloilo, gitna ng Pilipinas, ngunit isinaisip niya ang kaniyang anak na lalaki na gustong magpaiwan sa Australia.

Kaiba kay Juan na hinahalaga ang materyal na paraan ng pamumuhay sa Australia, nalulungkot naman si Rico sa Perth at umaasam ng isang tahimik at simpleng buhay sa lalawiganing Pilipinas. Sapat na sa kaniya ang makakain siya nang tatlong beses sa isang araw at magkaroon ng isang munting kabuhayan. Sinabi niyang tumatanda na siya at hinahanap-hanap na niya ang mga kamag-anak niya, pati na ang videoke (o karaoke) at sabong. “Hindi mo maipag-papalit sa pera ang kaligayahan mo sa buhay dito sa ibabaw ng lupa... Di ba? Yung iba ang minamahal nila pera. Pero hindi lahat ng tao ganun kasi ang mahalaga bago mamatay, masaya ka.” Matutupad ang nosyon ni Rico ng isang magandang buhay sa pagbalik niya sa kaniyang bayan. Samantalang higit pang ipinakikita ng kalagayan ni Rico kung paano naaapektuhan ng mga taga-empleong 457 ang tatahaking daan ng mga migranteng transnasyonal na Pilipino, pinasasalimuot din nito ang pag-unawa sa migrasyon bilang nakapagdaragdag ng mga kakayahan. Nakapagpapalitaw ang pagkilala sa mga indibidwal na pagtatasa at aspirasyon ng magkakaibang posibilidad para sa magandang buhay. Sa harap ng kawalang katiyakan ng estadong migrante sa Australia, nakapagbukas ng mga oportunidad na muling mamuhay ng isang buhay na inasam ni Rico ang kaniyang pagbabalikbayan.

Mga Pagtutulungan at Impormal na Relasyon ng Pagbibigay-payo

Sinasabi sa atin ng mga karanasan sa lugar ng trabaho ng mga kalahok sa pananaliksik ang tungkol sa mga uri ng relasyon na nakatutulong at nakasasagka sa kanilang mga kakayahan. Inilalarawan nila ang mga relasyon ng pagtutulungan at pagbibigay-payo na may mga katangian ng pagkalinga, pagtutumbasan at pagkamasiglahin. Nang kinakaharap ang mga hamon sa trabaho sa mga unang taon nila bilang mga may-hawak ng 457 visa, pinasimulan o pinaunlad nila ang mga relasyon na nagpahintulot sa kanilang gampanan nang mabuti ang kanilang mga trabaho, at pinaunlad din ang mga relasyon na naging mga network ng suportang panlipunan (Ryan, et al. 672-690). Ang mga relasyon ng impormal na pagbibigay-payo, kung saan ang kaalaman at suporta ay ipinamamahagi sa isa’t isa,[6] ay nangyayari nang kusa, lalo sa pagitan ng mga kalahok sa pananaliksik at mga katrabaho mula sa ibang etnikong kinalakhan. Sa mga kapwa manggagawang 457 na Filipino, ang mga relasyon ay tulungan sa pangkalakhan. Ngunit, ang ilan sa mga nagsipagsagot ay may nabanggit tungkol sa kompetisyon sa pagitan ng mga kaibigan nila mula sa ibang nasyonalidad (e.g. Irish, Scottish) at mga lokal na Australiano. Lumitaw ang mga relasyon ng kompetisyon sa pagiging hindi matulungin at mga pasalitang pagtutuos. Inilarawan

6 Tingnan kay Lorenzana.

ni Juan ang karanasan: “Pagnakita ka i-underestimate ka by your colour. Tapos hindi masyadong mag-cooperate sa mga info... Kasi once na ma-implement yung procedure na iyon, sila ang mahihirapan. Parang lumalabas ikaw ang bida, ganun.” Nakaapekto ang ganitong mga kagawian sa kung paano naghanap ang mga sumagot sa amin ng mga alyansa sa mga katrabaho nila o ng suporta sa mga taga-empleo nila na tumulong sa kanilang panunungkulan.

Sinabihan ng Western Power ang kanilang mga empleado na magsalita kung sa palagay nila ay minamaltrato na sila at hinikayat ang mga impormal na pagbibigay-payo sa pagitan ng mga magkakaibigan. Binanggit ni Juan ang mga katrabaho na nagturo sa kaniya sa trabaho. Naobserbahan ko ang pag-usbong ng ganitong mga relasyon ng pagtutulungan at suportahan na nangyayari sa gitna ng nakapailalim na tensiyon batay sa mga personal na pagkakaiba-iba sa lugar ng trabaho. Bilang halimbawa, naramdaman ni Juan ang tensiyon nang makuha niyang matapos ang isang proyekto na hindi natupad ng mga katrabahong nauna sa kaniya. Minsan ay napag-initan pa siya ng isang katrabaho. Nang may suporta sa kaniyang mga kasamahan sa trabaho, isinumbong niya ang insidente sa human resources na agad na inaksiyonan ang kaniyang reklamo.

Kabilang sa mga relasyon ng suporta ni Juan ang kaniyang mga kaibigan mula sa ibang etnisidad. Binanggit niya si William, isang manggagawang 457 mula UK, na nagsanay sa kaniya sa trabaho:

> Halos ilang buwan yon, three months or four months nya akong tri-ne train. Yon nagkakakuwentuhan na kami sa family. Every now and then naglilibrehan kami. Kasi parati nya akong nililibre sa MacDonald’s. Nililbre ko na rin kahit yung budget ko. Gusto niya akong kasama kasi madali daw akong matuto. Hindi ako mareklamo. Eh siya naman wala inaanong informaiton. Itututuro niya lahat sa iyo. Yon ang maganda. At saka siya wala kang maling gagawin. Pababayaan ka lang niya. At the end of the day ma realise mo mali pala ako. Pero hindi ka niya sasabihan ng ganun. Kaya nagustuhan ko yung style niya. (Juan)

Darating ang punto, sasanayin na rin ni Juan ang iba. Ibinahagi niya ang pakikipagkaibigan niya kay Matt, isang lokal at dating kontraktor na Australiano na naging katrabaho. “Mabait siya eh. Parang ugali niya Pilipino din. Accommodating, laging nakangiti. May respect siya sa Asian.” Naobserbahan niyang higit na mababa ang kawalan ng tiwala ni Matt sa sarili kung ihahambing sa mga lokal na katrabaho dahil may mga napagtagumpayan na ang mga ito. Kinilala ni Matt ang teknikal na kaalaman ni Juan at hinikayat siyang sumagot ng mga crossword puzzle upang makatulong sa pagpapaganda ng kaniyang Ingles.

Hinalaga ng mga kalahok sa pag-aaral ang mga relasyon sa mga ka-etniko. Ipinaliwanag ni Nicolas na tinulungan niya ang mga kapwa Pilipino dahil mga *kababayan* sila:

> Siempre yung ma trust mo mga Pilipino din. Pero marami namang mga puting mabait. Kaso mas ang mga Pilipino di ba? Kababayan eh. Hindi mo sila puwedeng talikuran kung sila nangangailangan. Iniisip mo rin eh. Kung ikaw din ang manga-ngailangan, tutulungan ka din nila. Vice versa. Bayanihan. Minsan may kasama kaming lilipat ng bahay. Tutulungan namin. Tulungan kami. (Nicolas)

© Ateneo de Manila University

Naobserbahan kong kusang nabuo ang mga bumibigkis sa kanila batay sa kalikasan ng kanilang mga trabaho at panahong pinalipas nang magkakasama. Madalas na tumatambay ang mga inhinyero at linesman nang magkakasama; ang pagiging malapit nila sa isa't isa ang naging dahilan kung kaya't agaran silang naroon upang makapagbigay-tulong. Ngunit, tuwing Araw ng Pasko nagsasama-sama at nag-oorganisa ang mga inhinyero, linesman at technician ng isang salo-salo kung saan imbitadong sumali ang lahat ng katrabaho sa Western Power.

Nang tanungin kung nakikisalamuha sila sa kapwa Pilipino na nauna nang pumirmi sa Perth, binanggit ng mga kalahok sa pananaliksik na may mga kausap, kakilala o kaibigan sila sa labas ng kompanya. Halimbawa, nakabili si Nicolas ng isang bahay sa tulong ni Zenaida, isang property broker na ang pangunahing mga kliyente ay mga kapwa Filipino-Australiano. Nakahanap si Emma, 48, isang inhinyero, na pumunta kasama ang kaniyang asawa at tatlong anak, ng tulong para sa kaniyang bunsong anak na babae na may mga pangangailangan para sa espesyal na edukasyon. Nakakilala siya ng isang gurong Filipina na kasal sa isang Australiano at nagtatrabaho bilang substitute teacher sa eskuwela ng anak na lalaki nito. Ang guro ay may anak ring may autismo at masaya nitong tinanggap ang anak ni Emma sa ilalim ng pangangalaga nito. Katulad ni Nicolas, ang network panlipunan ni Emma ng mga transnasyonal na Pilipino ang nakapagpadali ng akses sa mapagkukunang-yaman. Kapwa sila umaasam ng magandang kinabukasan para sa kani-kanilang mga anak at pamilya. Ipinakikita ng mga halimbawa nila kung paano ang mga ugnayang may etnikong batayan ay nakapagpapalakas ng mga kakayahan ng mga migranteng transnasyonal sa pagtutustos sa kanilang mga hinahalaga sa buhay.

Mga Personal na Katangian, Mga Kakayahan at Polisiya ng 457 Visa

Bagamat nakapag-aambag talaga ang mga relasyong panlipunan sa mga kakayahan ng mga migranteng transnasyonal na Pilipino sa Perth, nakaaapekto rin ang iba pang aspekto kung paano nila iniiba at inaabot ang mga mapagkukunang-yaman (Bonfanti 5). Ang mga personal na katangian at ang mismong polisiya ng 457 visa ay umimpluwensiya sa trabaho at pang-araw-araw na kalagayan sa buhay ng mga kalahok sa pananaliksik. Nakatulong sa trabaho ang tiwala sa sarili at inisyatiba, at sa pamamaybay ng pang-araw-araw na pangangailangan at hamon. Ngunit, naobserbahan ko na nakakabit ang tiwala sa sarili sa kultural na kapital ng manggagawang 457 sa mga propesyonal na trabaho na higit na nadadalian sa pagpapahayag ng kanilang sarili. Isa pang nakapagpapasalimuot na salik ang epekto ng 457 visa sa mga manggagawa na pumunta kasama ang kanilang mga asawa at mga anak. Samantalang isa lamang na panig ang may karapatan sa trabaho batay sa mga aprubadong trabahong 457, ang isang asawa ay maaari lamang makapagtrabaho nang part time sa mga trabahong pang-di-dalubhasa. Hangga't hindi pa nagiging mga permanenteng residente ang mga manggagawang 457, kinakailangan din nilang magbayad ng mga gugoling di-lokal para sa edukasyon ng kanilang mga anak at mga serbisyong pangkalusugan. Tatalakayin ko kung paano umaandar ang mga nasabing elemento sa buhay ng mga kalahok sa pananaliksik.

Na may bigat sa trabaho ang tiwala sa sarili ay unang lumitaw sa panayam kay Raffy, na tumalakay sa pagkumusta sa mga manggagawang 457 na Filipino sa Western Power. Pinansin niya ang likas na pagiging di-palakibo ng mga linesman at technician. Inihambing

sila ni Raffy kay Manuel, 48, isang inhinyero na mahusay magsalita at pumirmi nang masasabing may kahusayan sa kaniyang trabaho. Sa kaso ng mga technician na sina Rudy at Juan, ang kanilang pag-aatubiling magsalita ay higit na may kinalaman sa pagiging malay nila sa kakulangan nila sa paggamit ng Ingles Australiano. Nalimitahan ng ganitong disposisyon ang kanilang mga oportunidad na makisalamuha nang lampas sa mga ka-etniko nila. Lumalabas din ang kakulangan ng tiwala sa sarili sa kanilang pag-aatubiling makisalamuha sa mga lokal na Australiano. Bilang halimbawa, ibinunyag ni Pedro, 46, na hindi niya inimbitahan sa bahay niya ang mga katrabahong di-Filipino dahil baka papanagutin pa siya kung sakaling may allergy pala sila sa pagkaing Filipino.

> Hindi ako masyadong nakikihalubilo sa mga 'puti'. Hindi ako nag-iimbita sa party ng mga kaibigang kong 'puti'. Kasi natatakot ako baka may mga allergy kasi yan sila. Yung mga pagkain ng mga Pilipino yung mga niluluto ng mga Pilipino ayaw ko na magkaroon sila ng allergy. Magkaroon pa sila ng sakit sa pagkain kaya yun lang talaga ang iniiwasan ko. Nabalitaan ko kasi na kapag nag party sa bahay mo kung may isang taong na disgrasya na-ano siya dahil sa ikaw pa, liability mo pa siya. Kaya kung maari lang yung iniimbita ko mga Pilipino. (Pedro)

Ngunit, ang iba katulad ni Juan ay sumubok makisama at makipag-usap sa Ingles Australiano. Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon din si Juan ng tiwala sa sarili sa pakikisalamuha sa mga tao sa loob at labas ng lugar ng trabaho. Nang makausap namin siya, pumasok siya at ang kaniyang pamilya sa pagnenegosyo nang retail na nangailangan ng pagbubuo ng mga network na panlipunan. Masasabing isang katangian ang tiwala sa sariling kakayahan na maoobserbahan sa mga kalahok sa pananaliksik na may kultural na kapital; ngunit, isa rin itong katangian na maaaring linangin sa pamamagitan ng personal na inisyatiba.

Isa sa mga paraan kung paano ginamit ng mga kalahok ang ahensiya sa pang-araw-araw na buhay ay nasa pagiging malikhain. Nang pinagmumunihan ang bentahe niya at ng iba pang kasamahang Filipino sa trabaho, binanggit ni Juan ang kanilang pagkamalikhain kung itatabi sa mga lokal na manggagawa:

> Yung mga Asian pursigido ba. By the book sila [mga local hires]. Tapos magkaroon lang ng kaunting problema parang hindi nila kayang i-handle. Samantalang yung mga Pilipino ma-oido. Very creative sila... Meron sila kaagad option A, B, C. In the long run makukuha mo yung solusyon. Yun ang creativity.
>
> Sa kanila mawala lang sa linya yung problema, mawala lang sa libro, hindi na nila alam kung anong gagawin. Naisip ko minsan yung common sense nila mahirap mag adjust. Nasanay sila na maraming resources. Eh sa Pilipinas kahit walang resources mag-iisip ka, ito puwede ito. Very creative ka—kung anong nandyan... Mga Pilipino may ingenuity. (Juan)

Kabilang sa nosyon ni Juan ng pagiging malikhain ang pagiging madiskarte sa paghahanap ng mapagkukunang-yaman at pagiging maparaan na umaayon sa idyoma ng diskarte, isang termino na ikinakabit din sa mga manggagawang migranteng Filipino sa iba pang lugar.[7] Binibigyang pakahulugan ni Morales ang diskarte bilang "a creative form of problem-solving to address unique situational limitations to achieve desired outcomes" (120). Maaring walang tiwala ang mga transnasyonal na Pilipino na iilan sa kanilang mga

7 Tingnan kay McKay.

kakayahan, lalo na sa paggamit ng Ingles sa hanay ng mga linesman at technician; ngunit, nagpapakita sila ng inisyatiba sa anyo ng diskarte sa trabaho na siya ngayong nagbibigay sa kanila ng tiwala sa sarili pagdating sa mga teknikal na gampanin.

Bilang panghuli, naaapektuhan din ng mga regulasyon ng 457 visa ang mga kakayahan ng mga transnasyonal na Pilipino. Inilantad ng mga panayam ang pagkakaiba-iba sa pribilehiyo ng mga may-hawak ng visa, at sa pagitan nila at ng mga permanenteng residente at mamamayan. Samantalang maaaring dalhin ng mga may-hawak ng 457 visa ang kanilang mga kapamilya, ang pribilehiyo ng pagkakaroon ng trabaho sa sariling hanapbuhay ay ibinibigay lamang sa pangunahing pinagkalooban ng visa. Naaapektuhan ng nasabing polisiya ang mga manggagawa na may kasamang mga asawa na may mga kredensiyal na hindi naman nila agad magagamit sa loob ng merkado ng mga trabahong Australiano. Nagiging bunga nito ang di-pagkakapantay-pantay ng estado. Bilang halimbawa, dumating si Emma kasama ang kaniyang asawa, si Luis, na isa ring inhinyero. Bilang may-hawak ng 457 visa, si Emma ay maaari lamang upahan ng Western Power. Si Luis, na may parehong kuwalipikasyon, ay may kinaharap na mga paghihigpit sa trabaho, at sa panahon ng pag-aaral, ay nagtatrabaho sa isang pagawaan na naglalabas ng mga nakapaketeng salad para sa Kentucky Fried Chicken. Ipinagtapat ni Emma na hindi masaya si Luis ngunit kailangan nitong magtrabaho upang mabayaran nila ang pag-aaral ng kanilang tatlong anak. Ngunit, napagaganda ng permanenteng paninirahan at pagkamamamayan ang ekonomikong mapagkukunang-yaman ng mga may-hawak ng 457 visa. Maaari nilang maabot ang higit na magagandang pribilehiyo tulad ng higit na mababang gastusin sa edukasyon. Kung gayon, pinakinabangan ng mga kalahok sa pananaliksik ang suporta ng kompanya para sa permanenteng paninirahan kung saan maaaring isama sa aplikasyon ang mga kasamang kapamilya.

Nilayon ang programang 457 visa para sa pansamantalang migrasyon. Ngunit, maaring baguhin ng mga manggagawang transnasyonal na Pilipino ang mga limitado nitong oportunidad patungo sa higit na magagandang pagpipilian sa pamamagitan ng kanilang inisyatiba, relasyong panlipunan at suporta mula sa mga taga-empleo. Katulad ng natalakay sa taas, mahalaga ang suporta ng mga taga-empleo. Ipinakita ng mga halimbawa ang mga posibilidad ng mga taga-empleo na buo ang, at walang suporta. Sa huling seksiyon pagmumunihan ko ang mga implikasyon ng migrasyong transnasyonal sa Australia nang ayon sa mga relasyong Filipino-Australiano at pagbubuo ng mga kooperasyon.

Mga Pangwakas na Pananalita

Sinuri ng sanaysay ang karanasan ng mga Pilipino na may-hawak ng 457 visa sa pagsipat sa kung paano naaapektuhan ang kanilang mga kakayahan ng mga relasyong panlipunan, personal na mga katangian at polisiyang pang-visa. Itinanghal nito kung paano ang mga relasyon ng suporta at kooperasyon sa loob at labas ng trabaho ay nakatutulong sa mga migranteng transnasyonal na Pilipino upang makamit ang magkakaibang kapakinabangan at pag-abot ng mga mapagkukunang-yaman. Idiniin din ng pag-aaral kung paano may ginagampanang papel ang tiwala sa sarili at inisyatiba sa kung paano tinugunan ng mga kalahok sa pananaliksik ang mga oportunidad na binuksan para sa kanila. Higit na mahalaga, maaaring magbunga ang mga polisiya ng 457 visa ng di-pagkakapantay-pantay ng pribilehiyo para sa mga manggagawang migrante na may kasamang mga kapamilya. Sa kabuoan, isinasaad ng mga naratibo ng mga kalahok sa pananaliksik na ang

© Ateneo de Manila University

pangingibang-bayan sa Australia ay nakapagpahintulot sa kanilang makamit ang kanilang mga aspirasyon tulad ng edukasyon para sa kanilang mga anak, materyal na ginhawa at higit na magandang kalidad ng buhay. Nang sinusunod ang lapit-kakayahan, natuklasan ko rin na para sa ilang Pilipino na manggagawang 457, ang pagbabalikbayan pagkatapos ng kanilang proyekto ng migrasyon ay nagbibigay sa kanila ng pandama ng kaligayahan at katuparan. Sa pamamagitan ng pagsama ng mga indibidwal na pagtatasa ng mga migranteng transnasyonal, nilalampasan ng sanaysay ang pag-unawa sa migrasyon bilang isang proyekto ng pagkakamal lamang ng kapital.

Kaugnay ng tema ng espesyal na isyu, pinatototohanan ng mga natuklasan dito ang mga nangyayaring usapan tungkol sa naging ambag ng Australia sa internasyonal na pagkaunlad sa pamamagitan ng programa nito ng dalubhasang migrasyon. Isinusulong ni Graeme Hugo na sa kabila ng mga usapin gaya ng pagkaubos ng talino (brain drain) at mga isyu sa paggawa, nagkaroon ang programa ng dalubhasang migrasyon ng Australia ng mga kinahinatnang benepisyo tulad ng mga perang padala, pagbabawas ng kahirapan at pagpapaunlad ng mga buhay at mga pagkakataon para sa mga tao sa Asya (141). Ipinakikita ng mga halimbawa sa taas ang posibilidad ng higit na magandang buhay para sa mga manggagawang 457 na Filipino na naging mga permanenteng residente at mga mamamayan. Samantalang karamihan ng mga naratibo ay naglalarawan ng mga kalagayan ng ahensiyang migrante at matulunging mga taga-empleo at relasyon, hindi tinatawaran ng pag-aaral ang mga maka-uri at maka-lahing paghihirap at tensiyon na naranasan ng mga kalahok sa pananaliksik at ang mga kuwentong muli't muling isinasalaysay sa pag-aaral sa mga transnasyonal na Pilipino sa Australia. Sa halip, ang paggamit ng lapit-kakayahan sa pagsusuri sa karanasan ng mga migranteng manggagawang Filipino ay para sa pagdidiin ng mga kondisyon na nagiging dahilan kung kaya nakatutulong ang migrasyon bilang isang opsiyon sa pagkaunlad sa antas ng at lampas pa sa inbidibwal. Nang pinatototohanan ang mga dating mungkahi (Hugo), ipinakikita ng pag-aaral ang halaga ng suporta ng taga-empleo sa pagtulong sa mga manggagawa na maging epektibo sa kanilang mga trabaho. May ginagampanang mahalagang papel ang mga taga-empleong Australiano sa pagtitiyak sa mga karapatan at pribilehiyo ng mga manggagawa. Nagsisilbing halimbawa ang mga kompanya tulad ng Western Power ng nosyon ng Australia ng patas at may pagkakaiba-iba sa lugar ng trabaho. Idinidiin din ng pag-aaral ang halaga ng tiwala sa sarili at personal na inisyatiba tulad ng diskarte, sa pamamaybay ng pang-araw-araw na buhay sa Australia. Kinakailangan ang mga nabanggit na katangian upang maitaguyod ang sariling karapatan at pribilehiyo sa lugar ng trabaho at sa lipunan sa pangkalahatan.

Mailalapat ang mga paninindigan ng sanaysay na ito sa pangkat ng mga may-hawak ng 457 visa sa Perth, Western Australia. Hindi dito kabilang ang mga transnasyonal na dimensiyon ng kanilang mga karanasan at praktika bilang mga migranteng manggagawa. Kung paano naaapektuhan ng mga transnasyonal na ugnayan ang kanilang mga kakayahan ay maaaring galugarin pa sa mga pag-aaral sa hinaharap. Limitado rin ang pag-aaral sa isang pagpapangkat lamang ng mga hanapbuhay. Maipaliliwanag ng mga karanasan ng mga transnasyonal na Pilipino sa ilalim ng mga programang pang-visa na nominado ng estado o mga programa ng permanenteng paninirahan, at ng mga mag-aaral na gradwado, ang mga pamamaraan kung paano nakapag-aambag ang migrasyong transnasyonal sa Australia sa pag-unawa sa migrasyon sa kabuoan bilang isang kakayahan.

Isinalin ni Alvin Yapan

© Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

Aquino, Kristine. *Racism and Resistance among the Filipino Diaspora: Everyday Anti-racism in Australia*. Routledge, 2017.

Australian Bureau of Statistics. "Migration, Australia 2019-20." 2020, https://www.abs.gov.au/statistics/people/population/migration-australia/2019-20.

Australian Human Rights Commission. "Submission to the Visa Subclass 457 Integrity Review Issues Paper 3: Integrity and Exploitation." 2008, https://humanrights.gov.au/our-work/legal/submission/australian-human-rights-commission-submission-visa-subclass-457-integrity.

Bangko Sentral ng Pilipinas. "Overseas Filipinos Remittances." 2021, https://www.bsp.gov.ph/SitePages/Statistics/External.aspx?TabId=8.

Bonfanti, Sara. "Towards a Migrant-Centred Perspective on International Migration: The Contribution of Amartya Sen's Capability Approach." *Social Work & Society*, tomo 12, blg. 2, 2014, pp. 1-13.

Bourdieu, Pierre. *Distinction: A Social Critique of the Judgement of Taste*. Harvard UP, 1986.

Castles, Stephen, et al. "Rethinking Migration and Diversity in Australia: Introduction." *Journal of Intercultural Studies*, tomo 34, blg. 2, 2013, pp. 115-121.

Center for Migrant Advocacy. "Round Table Discussion: Philippine Migration to Australia Report." 2013, https://centerformigrantadvocacy.files.wordpress.com/2014/01/cma-rtd-philippine-migration-to-australia-report-2013.pdf.

Department of Immigration and Border Protection. "State and territory migration summary 30 June 2014." 2014, https://www.homeaffairs.gov.au/research-and-stats/files/state-territory-migration-summary-june-2014.pdf.

Drèze, Jean at Amartya Sen. *India: Development and Participation*. Oxford UP, 2002.

Eichsteller, Marta. "Migration as a Capability: Discussing Sen's Capability Approach in the Context of International Migration." *Social Inclusion*, tomo 9, blg. 1, 2021, pp. 174-181.

Erel, Umut. "Migrating Cultural Capital: Bourdieu in Migration Studies." *Sociology*, tomo 44, blg. 4, 2010, pp. 642-660.

Gibson, Katherine, et al. "Beyond Heroes and Victims: Filipina Contract Migrants, Economic Activism and Class Transformations." *International Feminist Journal of Politics*, tomo 3, blg. 3, 2010, pp. 365-386.

Hastie, Bethanie. "The Inaccessibility of Justice for Migrant Workers: A Capabilities-Based Perspective." *Windsor Yearbook of Access to Justice/Recueil annuel de Windsor d'accès à la justics*, tomo 34, blg. 2, 2017, pp. 20-39.

Holt, Elizabeth M. "Writing Filipina-Australian Bodies: The Discourse on Filipina Brides." *Philippine Sociological Review*, tomo 4, blg. 1, 1996, pp. 58-78.

Hugo, Graeme. "Migration and Development in Asia and a Role for Australia." *Journal of Intercultural Studies*, tomo 34, blg. 2, 2013, pp. 141-159.

© Ateneo de Manila University

Lorenzana, Jozon A. "Ethnic moralities and reciprocity: towards an ethic of South-South relations." *Bandung: Journal of the Global South*, tomo 2, blg. 1, 2015, pp. 1-14.

Marcus, Kanchan, et al. "'Hardworkers': Filipino Nurses' professional practice in Queensland." *Asia Pacific Journal of Health Management*, tomo 9, blg. 1, 2014, pp. 28-34.

McKay, Steven C. "Filipino Sea Men: Constructing Masculinities in an Ethnic Labour Niche." *Journal of Ethnic and Migration Studies*, tomo 33, blg. 4, 2007, pp. 617-633.

Morales, Marie Rose H. "Defining Diskarte: Exploring Cognitive Processes, Personality Traits, and Social Constraints in Creative Problem-Solving." *Philippine Journal of Psychology*, tomo 50, blg. 2, 2017, pp. 114-139.

Parliament of Australia. "Temporary skilled migration and the 457 visa." *FlagPost: Parliamentary Library Blog*, 2013, https://www.aph.gov.au/About_Parliament/Parliamentary_Departments/Parliamentary_Library/FlagPost/2013/March/Temporary_skilled_migration_and_the_457_visa.

Piller, Ingrid, at Loy Lising. "Language, employment, and settlement: Temporary meat workers in Australia." *Multilingua*, tomo 33, blg. 1-2, 2014, pp. 35-59.

Pinches, Michael. "Bamboo Dancers Down Under: The Filipino-Australian Intercultural Community in Western Australia." *A Changing People: Diverse Contributions to the State of Western Australia*, pinatnugutan nina Raelene Wilding at Farida Tilbury, Department of the Premier and Cabinet, 2004, pp. 284-302.

Robeyns, Ingrid. "The Capability Approach: a theoretical survey." *Journal of Human Development*, tomo 6, blg. 1, 2005, pp. 93-117.

Ryan, Louise, et al. "Social Networks, Social Support and Social Capital: The Experiences of Recent Polish Migrants in London." *Sociology*, tomo 42, blg. 4, 2008, pp. 672-690.

Saroca, Cleonicki. "Filipino Women, Migration, and Violence in Australia: Lived Reality and Media Image." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, tomo 21, blg. 1, 2006, pp. 75-110.

Sen, Amartya. "Capability and Well-Being." *The Quality of Life*, pinatnugutan nina Martha Nussbaum at Amartya Sen, Oxford UP, 1993, pp. 30-53.

Shan, Hongxia, at Andreas Fejes. "Skill regime in the context of globalization and migration." *Studies in Continuing Education*, tomo 37, blg. 3, 2015, pp. 227-235.

Tavan, Gwenda. "The dismantling of the White Australia policy: elite conspiracy or will of the Australian people?" *Australian Journal of Political Science*, tomo 39, blg. 1, 2004, pp. 109-125.

Tzeng, Rueyling. "Cultural Capital and Cross-Border Career Ladders: Western professional Migrants in Taiwan." *International Sociology*, tomo 25, blg. 1, 2010, pp. 123-143.

Wall, Deborah. "Movement across and within borders: Stories of Indigenous Australians of Filipino descent from Torres Strait and Broome." *Oral History Australia Journal*, blg. 39, 2017, pp. 3-8.

Webb, Sue. "'It's who you know not what': migrants' encounters with regimes of skills as misrecognition." *Studies in Continuing Education*, tomo 37, blg. 3, 2015, pp. 267-285.

© Ateneo de Manila University

Woelz-Stirling, Nicole, et al. “Marital conflict and finances among Filipinas in Australia.” *International Journal of Intercultural Relations*, tomo 24, blg. 6, 2000, pp. 791-805.

© Ateneo de Manila University